



ILALABAS KAAGAD: Oktubre 29, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.760.0285

Pakikipagkasundo ng Distrito ng Hangin sa Schnitzer Steel para bawasan ang mga emisyon ng hangin sa West Oakland

Namumuhunan ang kumpanya sa mga pagkontrol sa polusyon para pagandahin ang kalidad ng hangin sa komunidad

SAN FRANCISCO – Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at ang Schnitzer Steel ay pumasok sa kasunduan ng pagsunod at pagsang-ayon para resolbahin ang mga labis na emisyon mula sa mga operasyon ng pag-shred ng metal sa pasilidad ng pag-shred ng metal sa Oakland ng Schnitzer Steel.

Sa ilalim ng kasunduan, gagawin ng Schnitzer Steel ang sumusunod: (1) ii-install at patatakbuhan ang kagamitan para mapatighaw ang mga emisyon ng precursor organic compound bago ang Disyembre 31, 2022; at (2) magbabayad ng \$500,000 sa mga sibil na multa para resolbahin ang mga paglabag sa emisyon, nang ipapawalang-bisa ang \$100,000 kung makukumpleto nito ang proyekto ng pagpapatighaw sa pagtatapos ng Disyembre 2022. Kung hindi makukumpleto ng Schnitzer Steel ang proyekto sa pagtatapos ng Disyembre 2022, dapat itong magbayad ng mga karagdagang sibil na multa.

“Ang pagkakasundong ito ay magresulta sa mga makabuluhang pagkabawas sa mga emisyon ng contaminant sa hangin at mga nauugnay na panganib sa kalusugan mula sa mga operasyon ng pag-shred ng Schnitzer Steel,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Kinakailangan ang mahigpit na pagsubaybay at pinahusay na pagkontrol sa polusyon para maprotektahan ang kalidad ng halingin at mabantayan ang kalusugan ng mga kapitbahayan sa mga malapit na komunidad.”

Ang pasilidad ng Schnitzer Steel sa West Oakland ay isang operasyon ng pag-shred ng scrap metal at pag-shred ng metal na nag-ookupa sa humigit-kumulang 26.5 acres katabi ng Oakland Inner Harbor waterfront at ng Port of Oakland. Dinadala ang bulto ng scrap sa pasilidad sa pamamagitan ng tren at truck. Ang ipinrosesong ferrous scrap ay tinatambak sa pasilidad hanggang sa maikarga sa mga cargo ship sa mga pantalan ng pasilidad.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)

Pahina 1 ng 1